




Pagpapahusay sa Kaligtasan sa mga Interseksiyon sa Rampa ng Freeway sa SoMa



Papel ng Transportation Authority

- Magplano
- Magplano
- Magpondo
- Maghatid
- Mamahala
- Mag-aral

Mga tunguhin ng proyekto/pag-aaral

Paghusayin ang kaligtasan para sa nagbibiyaha sa mga interseksiyon ng SoMa sa pamamagitan ng mga rampang papunta o palabas ng freeway.

Nakatakdang Panahon para sa mga Gawain o Timeline

Matatapos ang proyektong pag-aaral at mga rekomendasyon sa Enero ng 2019.

Alamin pa ang tungkol dito at kumuha ng pinakabagong impormasyon

Puwedeng matagpuan ang iba pang impormasyon ukol sa pag-abot sa nakararami at sa proseso ng pag-aaral sa sfcta.org/ramps-2

Mga katuwang sa proyekto/pag-aaral

Transportation Authority, SFMTA, Caltrans.

Pagpopondo

Pinondohan ang pag-aaral na ito ng Caltrans Sustainable Transportation Planning Grant (tulong pinansiyal para sa pagpapalano tungo sa napananatiling transportasyon) at ng kalahating sentimo para sa transportasyon mula sa sales tax ng San Francisco.

Kontakin kami

Colin Dentel-Post, Senior Planner sa 415-522-4836 o sa SoMa-ramps@sfcta.org.

Maraming interseksiyon sa komunidad ng South of Market sa San Francisco kung saan nagsasalubong ang mga rampang papunta (onramp) at palabas (offramp) ng freeway at ang mga kalye ng lungsod. Malapit ang marami sa mga rampang ito sa mga paaralan, hotel na single room occupancy at senior center, na madalas na pinupuntahan ng mga populasyon na malaki ang panganib na masaktan dahil sa banggaan sa trapiko.

Pinamunuan ng Transportation Authority ang nakaraang pag-aaral ukol sa pagpapahusay ng interseksiyon sa rampa noong 2016–2017, kung saan nagmungkahi kami ng mga pagpapahusay sa kaligtasan para sa limang interseksiyon sa rampa ng freeway sa SoMa. Ginagawa namin ngayon ang ikalawang pag-aaral kasama ang SFMTA upang matukoy ang mga paraan para mapahusay ang kaligtasan para sa lahat ng nagbibiyaha sa mga sumusunod na interseksiyon:



— Naitatambal ang mga rampa at interseksiyon sa proyektong pag-aaral sa mga bagay na nakalista sa table na nasa ibaba:

Mga Banggaan sa Rampa sa Interseksiyon (2012–2016)

INTERSEKSIYON	KABUUNANG BILANG NG MGA BANGGAAN	INTERSEKSIYON	KABUUNANG BILANG NG MGA BANGGAAN
1. Mission, Otis, Duboce, at 13th streets (U.S. 101 northbound o pahilaga na rampang palabas ng freeway)	35	6. 7th St. sa pagitan ng Bryant at Harrison, Midblock o nasa kalagitnaan ng bloke (I-80 eastbound o pasilangan na rampang palabas ng freeway)	5
2. South Van Ness Ave. at 13th St. (U.S. 101 southbound o patimog na rampang papasok ng freeway)	32	7. 7th St. at Bryant (I-80 eastbound o pasilangan na rampang palabas ng freeway)	8
3. 8th St. sa pagitan ng Bryant at Harrison, (I-80 westbound o pakanluran na rampang palabas ng freeway)	0	8. 6th Street at Brannan (I-280 northbound o pahilaga na rampang palabas ng freeway, I-280 southbound o patimog na rampang papasok ng freeway)	13
4. 8th St. at Bryant (I-80 eastbound o pasilangan na rampang papasok ng freeway)	19	9. Fremont Street sa pagitan ng Howard at Folsom streets, mid-block (I-80 westbound o pakanluran na rampang palabas ng freeway)	0
5. 7th St. at Harrison (I-80 west bound o pakanluran na rampang papasok ng freeway)	14	10. Harrison Street at Essex Street. (I-80 eastbound o papunta sa hilaga na pagsampa sa rampa)	10

Pagtatrabaho tungo sa Vision Zero

Sinusupportahan ng pag-aaral na ito ang tunguhin ng Vision Zero ng San Francisco na tuluyan nang hindi magkaroon ng kamatayan nang dahil sa trapiko pagsapit ng 2024.

Sa loob ng nakaraang limang taon, nagkaroon na ng mahigit sa 125 banggaan ang mga interseksiyon sa pag-aaral na ito. At saka, ang lahat ng interseksiyong ito ay nasa high-injury network ng Vision Zero ng San Francisco, na mga lugar sa lungsod na may hindi proporsiyonal na bilang ng mga pinsala at kamatayan sa trapiko.



Pagpili ng mga Rampa ng Interseksiyon sa Pag-aaral

Pinili ng pangkat para sa proyekto ang mga interseksiyong ito mula sa lahat ng rampa sa interseksiyon sa freeway na nasa SoMa batay sa tatlong mahahalagang salik o factor:

- **Pagbibigay-diin sa kaligtasan:** Binigyan namin ng prayoridad ang mga interseksiyon na mataas ang porsiyento ng banggaan.
- **Pakikipagkoordinasyon sa iba pang ahensiya:** Nagpokus kami sa mga interseksiyon na hindi pa natutugunan ng iba pang plano at proyekto ng Lungsod.
- **Aktibong lapit o approach:** May ilang interseksiyon na hindi nag-ulat ng banggaan, pero pinili dahil mayroong oportunidad para sa pagiging aktibo tungo sa pagpapahusay para sa kaligtasan (halimbawa, bago o pinaganda pang tawiran).

Mga Pagpapahusay



Mga bulb-out o ekstensiyon ng bangketa



Pagpapahusay sa mga signal at pagbabago sa bilis ng pagpapalit ng ilaw



Pagmamarka o striping sa daraanan at interseksiyon

Posibleng kasama sa mga halimbawa ng pagpapahusay ang ekstensiyon ng bangketa, pagpapahusay sa signal, pagpapaganda sa tawiran, pagpapahusay sa pagmamarka, pagkakaroon ng bagong -konfigurasyon sa rampa, pagbabago sa bilang ng daanan sa kalye upang mapakalma ang trapiko, o iba pang ideya na lilitaw sa kabuuan ng proseso ng pag-aaral. Intensiyon naming makagawa ng pinagsama-samang iba't ibang pagpapahusay na matatapos sa maikling panahon at puwede nang maging handa sa susunod na ilang taon, at ilang mas malalaking ideya na posibleng mas matagal ang pagpapalano at pagpapatupad.

Proseso ng Pag-aaral at Pag-abot sa Nakararami sa Komunidad

1. **Ipakilala ang pag-aaral (taglamig/tagsibol 2018):** Ipakikilala ng pangkat para sa proyekto ang pag-aaral sa komunidad at hihingi ng opinyon ukol sa mga posibleng ideya para sa pagpapahusay.
2. **Pagpapalano para sa mga Pagpapahusay (tagsibol 2018):** Magsasagawa ang mga tagaplano ng detalyadong pagsusuri ng banggaan sa bawat interseksiyon at magmumungkahi ng pagpapahusay para sa bawat inter-seksiyon.
3. **Paghaharap ng mga pagpapahusay sa komunidad (tag-araw 2018):** Kukuha ang pangkat para sa proyekto ng opinyon ukol sa mga mungkahing pagbabago.
4. **Isasama ang mga nakuhang opinyon (taglagas 2018):** Pipinuhin pa at susuriin ng pangkat ang mga pagpapahusay batay sa mga tunguhin ng pag-aaral at opinyon ng komunidad.
5. **Paghaharap ng mga pinal na konsepto (taglamig 2018):** Ilalabas ng pangkat ang pinal na ulat at maghahanap ng pagpopondo para maipatupad ang mga pagpapahusay.

SAN FRANCISCO COUNTY TRANSPORTATION AUTHORITY



1455 Market Street, 22nd Floor, San Francisco, CA 94103
TEL 415.522.4800 FAX 415.522.4829
EMAIL info@sfcta.org WEB www.sfcta.org